（フィリピノ語/学習者登録資料/2026.04）

Kobe International Community Center（KICC）

# Proyekto para sa Suporta sa Pag-aaral ng Nihongo

## 1. Tungkol sa programa

Ang KICC ay sumusuporta upang maging madali ang pamumuhay ng dayuhan dito sa Kobe, at ng pagkakaroon ng pakikisalamuha ng mga Hapon at mga dayuhan sa isa't-isa. Ang layunin ng programang ito ay, mapag-aralan at maunawaan ang Nihongo at kultura ng Japan kasama ang KICC supporters (volunteers).

## 2. Gastos

- Walang bayad ang pag-aaral ng Nihongo

## 3. Mga patakaraan sa aplikasyon

- Mga dayuhang nasyonalidad na naninirahan sa Kobe City na may edad na 15 taong gulang at pataas (hindi kabilang ang Junior High School at ang mga maiikli ang pamamalagi sa Japan)
  Gayundin, ang mga anak ng nagbalik-bayan at naturalized na nangangailangan ng pag-aaral ng Nihongo at may nasyonalidad na Hapon.
  ※ Ang mga nasa edad na 18 taong gulang at pababa ay kinakailangan ng pahintulot ng magulang (kapamilya o Host Family) sa aplikasyon. Mangyaring tiyakin na isulat sa application form ang pangalan at numero ng telepono ng magulang sa patlang para sa emergency contact.
- Makatutupad sa kasunduan na mag-aaral ng 1 beses sa isang linggo, sa loob ng 6 na buwan.
  ※ Hindi maaaring mag-aplay ang mga hindi nagpatuloy sa pag-aaral ng buong 3 buwan sa nakaraang klase sa pansariling kadahilanan.
- Makakasunod sa mga patakaran ng KICC, may interes sa pag-aaral at pinahahalagahan na matuto.
  ※ May mga pagkakataon na walang makukuhang supporter kahit na nakapag-apply.

## 4. Aplikasyon

- Ang aplikasyon ay sa pamamagitan ng homepage ng KICC.
- Ang pagpili ng makakapag-aral ay sa pamamagitan ng
- Kapag napili ay mangyaring pumunta sa KICC sa araw at oras na itinakda at dalahin ang inyong Registration Card. Magsasagawa ng interbyu ang staff.

## 5. Pag-aaral

- Ang pag-aaral ay isasagawa mo at ng supporter sa pamamagitan ng 1 on 1.
- Ang pag-aaral ay 2 oras sa loob ng isang lingo at tatagal ng 6 na buwan.
- Ang pagsisimula ng mga pag-aaral ay 4 na beses sa loob ng isang taon.
  Abril (Septyembre ang pagtatapos ) /Hulyo (Disyembre ang pagtatapos)
  /Oktubre (Marso ang pagtatapos) /Enero (Hunyo ang pagtatapos)
- Ang araw at oras ng pag-aaral (oras ng simula ng pag-aaral) ay nakatala sa ibaba. Isasagawa sa parehong lugar, araw at oras.
  〔Shin-Nagata〕
  Lunes: 10:00/12:00/14:00/16:00/-----
  Martes: 10:00/12:00/14:00/-----/-----
  Biyernes: 10:00/12:00/14:00/16:00/-----
  〔Sannomiya〕
  Martes: 10:00/12:00/14:00/16:00/18:00
  Huwebes: 10:00/12:00/14:00/16:00/18:00
  Sabado: 10:00/12:00/14:00/16:00/-----
- Ang pag-aaralan ay ikukunsulta sa supporter bago italaga.
- Maaaring muling mag-apply upang makapag-aral kung makatapos ng 6 na buwan. Subali't, hindi maaari na magpaturo sa dating naging guro.
- Hindi makakapag-aral ng mga bagay na pang-dalubhasa.

## 6. Tungkol sa indibidwal na impormasyon

- Ang mga naitalang indibidwal na impormasyon ay hindi gagamitin sa ibang hangarin.
- May mga pagkakataon na magpadala ang KICC ng e-mail na iyong isinulat sa record form.
- Sa panahon ng paghahanap ng iyong magiging supporter ay ilalagay ang mga impormasyon tungkol sa iyo sa Website na ang supporter lamang ang maaaring makakita. Hindi ilalagay ang mga personal na impormasyon kagaya ng pangalan, Tirahan, numero ng telepono at e-mail address.

Kobe International Community Center （KICC）
Shin-Nagata Office
〒653-0036 5-3-1 Udezuka-cho, Nagata-ku, Kobe-shi, Asuta Kunizuka,
1st Building South 4F
TEL: 078-742-8705 URL: https://www.kicc.jp/fil
Oras ng tanggapan：Regular na araw 9:00-12:00、13:00-17:00
（maliban kung Sabado・Linggo・Pista Opisyal・pagtatapos at panimula ng taon）